OFFICE OF THE GOVERNOR
HON. DANIEL R. FERNANDO
RECEIVED BY
August 2, 2021 12:02 pm
DATE TIME

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Lungsod ng Malolos

CITY ADMINISTRATORS OFFICE
RECEIVED
DATE: 8/2/2021
BY: 1:52 PM
TEL. NO.

# TANGGAPAN NG PUNONG LUNGSOD

DEPARTMENT OF THE INTERIOR AND LOCAL GOVERNMENT
RECEIVED
D.I.L.G.
DATE: 8/2/21

## ATAS TAGAPAGPAGANAP BLG. 31
Serye 2021

**ATAS NA NAGLALAHAD NG MGA PAMANTAYANG IIRAL SA LUNGSOD NG MALOLOS MULA IKA-1 NG AGOSTO, 2021 HANGGANG SA IKA-15 NG AGOSTO, 2021.**

**SAPAGKAT,** alinsunod sa Resolusyon Blg. 130 – A ng Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases, ang Lalawigan ng Bulacan ay isinailalim sa klasipikasyong pangkuwarentinang *General Community Quarantine with Heightened Restrictions* mula ika-1 ng Agosto 2021 hanggang ika-15 ng Agosto 2021;

**SAPAGKAT,** alinsunod sa Seksyon 16 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas 1991, nararapat na siguraduhin at suportahan ng mga pamahalaang lokal ang kalusugan at kaligtasan ng kanilang mamamayan bilang bahagi ng pangkalahatang kapakanan sa kani-kanilang nasasakupan;

**SAPAGKAT,** alinsunod sa Seksyon 455 (2) (iii) ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991, ang Punong Lungsod bilang Punong Tagapagpaganap ng pamahalaang lungsod ay may kapangyarihang mag-akda ng mga atas tagapagpaganap para sa taimtim na pagsasagawa ng mga batas at ordinansa;

**AT SA GAYON, DAHIL DITO,** ako, si **INH. GILBERT T. GATCHALIAN**, Punong Lungsod ng Lungsod ng Malolos, Lalawigan ng Bulacan, sa bisa ng kapangyarihang kaloob sa akin ng mga umiiral na batas, ay ipinag-uutos ang mga sumusunod:

**SEKSYON I. PAGLABAS NG BAHAY.** Bunga ng pagbabago ng klasipikasyong pangkuwarentina ng Lungsod mula GCQ patungong GCQ with Heightened Restrictions, at alinsunod sa Resolusyon Blg. 130-A ng Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases, tanging ang mga may edad 18 hanggang 65 taong gulang ang maaaring lumabas ng bahay.

Pinananatili ang lahat ng buntis at ang mga may isyung pangkalusugan sa loob ng bahay liban na lamang kung ang kanilang paglabas ay para sa kanilang kalusugan, paghahanapbuhay, o pagbili ng mga kinakailangan / serbisyo kung sila ay namumuhay na walang kasama sa bahay.

**SEKSYON II. PAGLABAS NG NCR PLUS AREA.** Bilang bahagi ng NCR Plus Area, **tanging mga Authorized Persons Outside Residence (APOR) ang may pahintulot na** bumiyahe papasok o palabas ng NCR Plus Area (Cavite, Bulacan, Laguna, Rizal, at National

2F City Government Building
Barangay Bulihan, City of Malolos 3000
Email: mayorbebonggatchalian@gmail.com

"Tulungan po natin ang bayan na tulungan ang mamamayan."

Capital Region). Alinsunod sa Resolusyon Blg. 130-A ng IATF at ng Seksyon 7(2)(a) ng Omnibus Guidelines on the Implementation of Community Quarantine in the Philippines, **ang mga sumusunod lamang ang nabibilang sa APOR:**

1. health and emergency frontline services and uniformed personnel;
2. government officials and employees on official travel;
3. duly-authorized humanitarian assistance actors (HAAs);
4. persons traveling for medical and humanitarian reasons;
5. persons going to and from the airport;
6. anyone crossing zones for *work or business* permitted in the zone of destination, or activities as may be authorized by the IATF;at
7. public utility vehicle operators.

**SEKSYON III. PAGTALIMA SA RESOLUSYON BLG. 130-A NG IATF.** Sumusunod ang gabay patungkol sa operasyon ng mga establisyimento sa loob ng Lungsod ngayong ang klasipikasyong pangkuwarentinang GCQ with Heightened Restrictions ang umiiral:

1. Ang mga **restaurant**, at iba pang kainan ay pinahihintulutang tumanggap ng kliyente hanggang sa *ika-20% ng seating capacity* para sa indoor dining, at *50% ng seating capacity* para sa mga outdoor (al fresco) dine-in services;
2. Ang mga **personal care services, tulad ng beauty salon, beauty parlor, barbershop, nail spa** ay may pahintulot na tumanggap ng kliyente hanggang *30% seating capacity para lamang sa mga serbisyong maaaring makapagsuot ng facemask sa lahat ng oras ang kliyente;*
3. Ipinagbabawal ang pagdaraos ng anumang **Meetings, Incentives, Conventions, at Exhibitions, maging ang lahat ng social events;**
4. Pinahihintulutang magbukas hanggang *30% na kanilang venue capacity* ang mga *outdoor* **tourist attractions** alinsunod sa mga pamantayan ng Kagawaran ng Turismo sa kondisyong mahigpit ang magiging pagtalima sa minimum public health standards.
5. Ipinagbabawal ang pagbubukas ng anumang ***indoor*** **tourist attractions at indoor sports court o venue;**

Alinsunod sa Safety Seal Certification Program, ang mga establisyimentong nagawaran ng nasabing Safety Seal ay may pahintulot na magdagdag ng 10% sa pinahihintulutang operating/venue/seating capacity.

Ang mga pagtitipon para sa panambahan **(religious gatherings)** ay patuloy na pinahihintulutang daluhan ng mananamba hanggang sa 30% seating capacity ng bahay-panambahan;

Ang mga **pagdaraos ng lamay** para sa mga pumanaw bunga ng mga kadahilanang liban sa COVID-19 ay may pahintulot na daluhan ng immediate family members lamang ng namayapa;

**SEKSYON IV. SUMUSUNOD ANG MGA ESTABLISYIMENTO AT GAWAING WALANG PAHINTULOT HABANG ANG KLASIPIKASYONG PANGKUWANRENTINANG UMIIRAL SA LUNGSOD AY GCQ WITH HEIGHTENED RESTRICTIONS ALINSUNOD SA DEPARTMENT OF TRADE AND INDUSTRY MEMORANDUM CIRCULAR NO. 21-28:**

1. Entertainment venues na may live performers gaya ng karaoke bars, bars, clubs, concert halls, theaters, at mga cinemas;
2. Indoor visitor or tourist attractions, libraries, archives, museums, and galleries, and cultural shows at exhibits;
3. Recreational venues gaya ng mga internet shop, billiard halls, amusement arcades, bowling alleys, at mga kahalintulad na establisyimento;
4. Amusement parks o theme parks, perya, kid amusement industries gaya ng playgrounds, playroom, at kiddie rides;
5. Casino, cockfighting, operasyon ng mga sabungan, lottery, anumang tayaan, at iba pang laruan, liban na lamang kung may pahintulot ng IATF o ng Tanggapan ng Pangulo ng Republika ng Pilipinas;

**SEKSYON V. PAGPAPATUPAD NG MINIMUM PUBLIC HEALTH STANDARDS.** Ang Kapulisan at ang mga Barangay Tanod sa pamamagitan ng Tanggapan ng mga Punong Barangay ay inaatasang siguruhin na walang sinumang makalalabas ng kanilang mga bahay ng walang face mask at face shield. Hinihikayat ang mga nakatatanda at ang mga may isyung pangkalusugan na magsuot ng face masks maging sa loob ng tahanan.

**SEKSYON VI. PAGGAWA SA MGA TANGGAPAN AT INDUSTRIYA.** Magpapatuloy ang 100% ng paggawa sa mga Tanggapan ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos.

Ang mga Pampublikong Tanggapang nasa ilalim ng Pamahalaang Nasyunal ay inaatasang makipag-ugnayan sa kanilang Central Office patungkol sa bahagdan ng kanilang operasyon sa panahon ng pag-iral ng General Community Quarantine with Heightened Restrictions.

Ang mga pribadong establisyimento ay inaatasang makipag-ugnayan sa mga ahensiya ng Pamahalaang Nasyunal na nakasasakop sa kanilang industriya.

**SEKSYON VII. CURFEW.** Ang curfew hours na ipatutupad sa Lungsod ay 10PM hanggang 5AM.

**SEKSYON VIII. PAGKONSUMO NG ALAK.** Tungo sa pagpigil ng pagkalat ng sakit na COVID-19 sa Lungsod, ang mga establisyimentong mayroong inuming nakalalasing ay

tinatagubilinang hanggang dalawang (2) bote/*servings* lamang ng alak ang maaaring ibigay sa kanilang mga kliyente.

**SEKSYON IX. MALING IMPORMASYON PATUNGKOL SA PAGBABAKUNA.** Tungo sa pagpapanatili ng kaayusan, at ng kaligtasan ng mga binabakunahan, at alinsunod sa mga umiiral na batas, ang Panlungsod na Tanggapan ng Impormasyon at ang Tanggapan ng Panlungsod na Manananggol ay inaatasang magsagawa ng kaukulang imbestigasyon, at magsampa ng kaukulang kasong kriminal, sibil, o administratibo, laban sa sinumang mapatutunayang nagpakalat ng maling impormasyon, sa pamamagitan ng anumang paraan, ukol sa pagbabakuna ng mga kinatawan ng Pamahalaang Lungsod laban sa COVID-19.

**SEKSYON X. MAHIGPIT NA PAGTALIMA.** Ang Bantay COVID-19 Special Team na binubuo ng mga kawani at kinatawan ng *City Health Office, City Disaster Risk Reduction and Management Office, City Administrator's Office, City Information Office, Business Permit and Licensing Division, Philippine National Police*, at *Bureau of Fire Protection*, ay patuloy na inaatasang makipagtulungan sa Tanggapan ng mga Punong Barangay tungo sa mahigpit na pagpapatupad ng *Minimum Public Health Standards*, at ng mga nilalaman ng Atas na ito, at iba pang kaugnay na batas at alituntuning inilathala o ilalathala ng Pamahalaang Nasyunal patungkol sa *Community Quarantine*.

**SEKSYON XI. SUGNAY NG PAGHIHIWALAY.** Kung sakaling ang alinman sa mga sugnay ng Atas na ito ay maipawalang-bisa, ang mga nalalabing bahagi ng atas na ito ay mananatiling may bisa.

**SEKSYON XII. SUGNAY NG PAGBUBUKLOD.** Anumang batas, atas, ordinansa, o regulasyong ipatutupad ng Pamahalaang Panlalawigan at Pamahalaang Nasyunal kaugnay sa umiiral na klasipikasyong pangkuwarentina ay ginagawang bahagi ng Atas na ito.

**SEKSYON XIII. KABISAAN.** Ang Atas Tagapagpaganap na ito ay binibigyang kabisaan mula sa araw ng pagkalagda.

Nilagdaan ngayong ika-31 ng Hulyo, 2021. Lungsod ng Malolos, Lalawigan ng Bulacan.

**INH. GILBERT T. GATCHALIAN**
Punong Lungsod

2F City Government Building
Barangay Bulihan, City of Malolos 3000
Email: mayorbebonggatchalian@gmail.com